

Mga Pahintulot sa Seattle

—bahagi ng mga serye mula sa iba't ibang departamento na may kinalaman sa mga serbisyo at pagbibigay ng pahintulot ng Lungsod

Paghiling ng Pagsusuri ng Lupon para sa mga Pag-apela sa Kodigo sa Sunog (Fire Code Appeals Board)

Na-update noong Oktubre 2021

Ang Seksyon 109.1 ng Kodigo sa Sunog ng Seattle (Seattle Fire Code, SFC) ay nagbibigay ng proseso para sa mga pag-apela sa desisyon o aksyon ng Departamento ng Pamatay-sunog (Fire Department) kaugnay ng aplikasyon at pagpapakahulugan ng Kodigo sa Sunog (Fire Code).

Ang oportunidad na magsumite ng apela ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga aplikante na ipahayag ang kanilang mga pananaw sa partikular na mga sitwasyon sa pagsunod sa Fire Code- sa mga tao sa labas ng Seattle Fire Department na may kaalaman tungkol sa mga isyu sa Fire Code. Sinusuri ang mga apela ng Appeals Board, isang subcommittee na binubuo ng hindi bababa sa limang miyembro ng Lupong Tagapayo ng Kodigo sa Sunog (Fire Code Advisory Board, FCAB).

Isang kahilingan lamang para sa pagsusuri ng Appeals Board ang maaaring isagawa para sa anumang partikular na pinagtatalunang pagsunod- sa Fire Code. Ang Punong Pamatay-sunog (Fire Chief) ang tanging magpapasya sa anumang pananatili ng pagpapatupad sa Fire Code na nakabinbin sa ipinapayong rekomendasyon ng pangkat. Hindi dapat maantala ng proseso ng pagsusuri ng Appeals Board ang mga sitwasyong nagsasangkot ng kagyat na pagpapatupad sa Fire Code.

Mga Panimulang Hakbang para Humiling ng Pagsusuri ng Appeals Board

Bago humiling ng pagsusuri ng Appeals Board, dapat munang maghanap ang aplikante ng resolusyon sa problema sa pagsunod sa pamamagitan ng pagpapanukala ng mga binagong kinakailangan sa Kodigo (Seksyon 104.8 ng SFC) o mga alternatibong materyales at paraan (Seksyon 104.9 ng SFC). Bago

humiling ng pagsusuri, dapat ding detalyadong talakayin ng aplikante ang partikular na sitwasyon sa pagsunod sa sumusunod na mga kinatawan ng Seattle Fire Department:

1. Ang angkop na tagasuri mula sa Tanggapan ng Fire Marshal (Fire Marshal's Office, FMO), ang Dibisyon ng Pag-iwas sa Sunog (Fire Prevention Division) ng Seattle Fire Department;
2. Ang supervisor ng tagasuri ng FMO, kung hindi malulutas ng tagasuri ang problema;
3. Ang Fire Marshal, kung -hindi malulutas ng supervisor ang problema; at
4. Kung kinakailangan, ang Fire Chief, kung walang marating na kasunduan sa Fire Marshal; bago ang
5. Pagsusumite ng nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri ng Appeals Board, na naka-address sa Fire Chief at ipinadala para sa atensyon ng Marshal, na tumpak na inilalahad ang mga nasasangkot na isyu, ang totoong -pinagmulan, at ang (mga) nauugnay na seksyon ng Seattle Fire Code.

Pagsusuri at mga Rekomendasyon

Nalalapat ang mga limitasyon sa oras na nakatakda sa ibaba maliban kung ang ibang limitasyon sa oras ay parehong sinang-ayunan ng Seattle Fire Department, ng aplikante at ng Tagapangulo ng FCAB, halimbawa, dahil sa kagyat na pangangailangan.

1. **Nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri:** Magsusumite ang aplikante ng nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri ng Appeals Board- sa Fire Chief sa loob ng 10 araw ng negosyo matapos abisuhan ng Chief ang aplikante tungkol sa desisyon ng Chief sa partikular na pinagtatalunang pagsunod.
2. **Pag-abiso sa FCAB tungkol sa kahilingan para sa pagsusuri:** Ang Fire Marshal, na kumikilos sa ngalan ng Fire Chief, ay gagawa ng makatuwirang pagsisikap para abisuhan ang Tagapangulo ng FCAB sa loob ng

www.seattle.gov/fire

Fire Prevention Division
220 3rd Avenue South
(206) 386-1450



City of Seattle
Fire Department

tatlong araw ng negosyo (Lunes hanggang Biyernes, maliban sa-mga pista opisyal) pagkatanggap ng nakasulat na kahilingan ng aplikante para sa pagsusuri ng Appeals Board. Magbibigay ang Fire Marshal ng kopya ng nakasulat na kahilingan ng aplikante sa Tagapangulo ng FCAB sa panahong ito

3. **Saklaw ng pagsusuri:** Bago piliin ang Appeals Board, pagpapasyahan ng Tagapangulo ng FCAB kung ang kahilingan ng aplikante ay kasama sa mga sinasaklaw na bagay sa Fire Code na pinapahintutulang isaalang-alang ng Appeals Board. Sa pagpapasyang ito, parehong kokonsultahin ng Tagapangulo ng FCAB ang aplikante at ang the Fire Marshal.
4. **Pagpili ng mga miyembro ng Appeals Board:** Pipiliin ang mga miyembro ng Appeals Board sa loob ng limang araw ng negosyo sa oras na matanggap ng Tagapangulo ng FCAB ang nakasulat na kahilingan -ng aplikante para sa pagsusuri mula sa Fire Marshal. Ang pagpili sa mga miyembro ng Appeals Board ay dapat na -alinsunod sa Pambayang Kodigo ng Seattle (Seattle Municipal Code) 3.16.350, kung saan nakasaad na hindi bababa sa limang miyembro ng FCAB ang bubuo sa Appeals Board, na may isang kinatawan ng negosyo/industriya, isang propesyonal/teknikal na kinatawan, at isang kinatawan ng pampublikong mamamayan. Maaaring pumili ng karagdagang miyembro dahil sa mga partikular na kasanayan. Para maiwasan ang salungatan ng interes, walang aplikante, o empleyado o ahente ng aplikanteng iyon, ang maaaring maglingkod sa Appeals Board na nagsusuri sa pinagtatalunang pagsunod ng aplikanteng iyon (sumangguni sa Kodigo ng Etika (Code of Ethics) ng Lungsod ng Seattle, na matatagpuan sa Kab. 4.16 ng Seattle Municipal Code).
5. **Paghihigpit sa mga pakikipag-ugnayan ng mga partido sa Appeals Board:** Sa labas ng (mga) pagpupulong ng Appeals Board at anumang pagbisita sa site, hindi dapat makipag-ugnayan ang aplikante o ang Fire Department sa mga miyembro ng Appeals Board tungkol sa -pinagtatalunang pagsunod, maliban sa pamamagitan ng Direktor ng Pagbuo ng Teknikal na Batas ng FMO (FMO Technical Code Development Director).
6. **Pag-iiskedyul ng pagpupulong:** Magpupulong ang Appeals Board para suriin ang pinagtatalunang pagsunod ng aplikante sa loob ng 15 araw ng negosyo mula nang piliin ito ng Tagapangulo ng FCAB.

Makikipag-ugnayan ang Technical Code Development Director sa Tagapangulo ng FCAB, mga miyembro ng Appeals Board, at Seattle Fire Department at aplikante para mag-iskedyul ng lugar at oras para sa (mga) pagpupulong ng Appeals Board.

7. **Mga nakasulat na pahayag at exhibit:** Magsusumite ang aplikante at ang Seattle Fire Department ng tumpak na pahayag ng (mga) isyu, katotohanan, at (mga) nauugnay na seksyon ng Seattle Fire Code na nagsasangkot sa Technical Code Development Director sa hindi bababa sa pitong araw ng negosyo bago ang petsa ng unang pagpupulong ng Appeals Board para maisaalang-alang ang pinagtatalunang pagsunod. Dapat na kasama sa mga pahayag na ito ang mga nauugnay na exhibit gaya ng mga plano, pati na rin ang anumang ekspertong testigo. Kailangang magsumite ang aplikante at ang Fire Department ng kopya ng kani-kanilang pahayag at mga kalakip para sa bawat miyembro ng Appeals Board, na may kasamang karagdagang kopya para sa kabilang partido. Ipapahatid ng Technical Code Development Director ang mga kopyang ito sa hindi bababa sa tatlong araw ng negosyo bago ang unang pulong ng Appeals Board.
8. **Ang pulong:** Pipiliin ng Appeals Board ang sarili nitong tagapangulo. Ipapakita muna ng aplikante ang presentasyon nito, na susundan ng Fire Department. Parehong limitado ang aplikante at ang Fire Department sa 30 minuto ng pasalitang presentasyon-, kabilang ang mga tanong mula sa Appeals Board, maliban kung nagpasya ang Appeals Board sa simula ng pagpupulong na kailangan ang-mas maraming oras. Sa anumang pagkakataon, dapat bigyan ang bawat partido ng magkatumbas na panahon para magawa ang presentasyon nito sa Appeals Board. Dapat tugunan ng pasalitang presentasyon ng bawat partido ang totoong pinagmulan, ang mga isyu ,at ang mga sangkot na seksyon ng Seattle Fire Code. Maaaring ilakip ng bawat partido ang mga propesyonal sa disenyo o iba pang tao sa presentasyon nito sa Appeals Board.
9. **Mga pagbisita sa site:** Maaaring bisitahin ng Appeals Board ang (mga) site na sangkot sa pinagtatalunang pagsunod, sa kahilingan ng alinman sa Fire Departmento o ng aplikante-, o sa sariling inisyatibo ng Appeals Board.

Dapat gawing available ng aplikante ang (mga) site para sa (mga) pagbisita sa site ng Appeals Board. Mag-iiskedyul ng (mga) pagbisita sa site sa pamamagitan ng Technical Code Development Director. Walang pagbisita sa site ang isasagawa nang walang kinatawan ng Fire Department-at aplikante.

10. **Ang mga rekomendasyon ng Appeals Board:** Sa loob ng limang araw ng negosyo matapos ang huling pagpupulong o pagbisita sa site kaugnay ng pinagtatalunang pagsunod, gagawin ng Appeals Board ang mga nakasulat na rekomendasyon nito- na may kinalaman sa partikular na sitwasyon sa pagsunod- sa Fire Chief. Ibibigay rin ang kopya ng mga rekomendasyon ng Appeals Board sa aplikante, Tagapangulo ng FCAB, at iba pang miyembro ng FCAB. Dapat makumpleto ang pagsusuri at mga ipinapayong rekomendasyon ng Appeals Board sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa oras na abisuhan ng Fire Chief ang aplikante tungkol sa desisyon ng Chief bago ang apela, kahit na maaaring gumugol ng mas maraming panahon kung parehong sumang-ayon ang aplikante at Fire Marshal sa pagpapalawig ng panahon.

Ang mga rekomendasyon ng Appeals Board ay payo lamang, at hindi ipinapasunod sa Seattle Fire Department. Kung tinanggihan ng Fire Chief ang mga rekomendasyon ng Appeals Board, ipapahayag ng Fire Chief ang mga dahilan sa isang sulat. Ibibigay ang kopya ng pahayag na ito sa aplikante, mga miyembro ng FCAB, tanggapan ng Alkalde at miyembro ng Konseho ng Lungsod na tagapangulo ng Komite ng Pamublikong Kaligtasan ng Konseho ng Lungsod. Sa anumang pagkakataon, dapat na gawing available ng Fire Chief at Fire Marshal ang kanilang sarili para makipagpulong sa aplikante pagkatapos ng konklusyon ng- pagsusuri ng Appeals Board.

Karagdagang Impormasyon

Dapat idirekta ang pangkalahatang katanungan tungkol sa proseso ng Appeals Board sa Technical Code Development Director sa Tanggapan ng Fire Marshal (206) 386-1450.

Dapat isumite ang pangkalahatang mungkahi sa FCAB para sa mga pagbabago sa Fire Code sa pamamagitan ng pagsulat sa form na available sa Technical Code Development Director.